



ABISO TUNGKOL SA MGA KARAPATAN NG EMPLEYADO PARA SA MGA YAYA, TAGALINIS NG TAHANAN, AT IBA PANG MANGGAGAWA SA TAHANAN

Sa ilalim ng Earned Safe and Sick Time Act (Paid Safe and Sick Leave Law, Batas sa Bayad na Pagliban dahil sa Kaligtasan at Sakit) ng New York, may karapatan ang mga domestic worker sa pagliban dahil sa kaligtasan at sakit. Pumunta sa nyc.gov/PaidSickLeave upong matuto pa tungkol sa batas.

Ang mga domestic worker na direktang nagtatrabaho para sa mga employer ng indibidwal na sambahayan ay dapat nakatanggap ng nakasulat na abiso na ito mula sa kanilang employer noong nagsimula silang magtrabaho o sa Hunyo 4, 2018, alinman ang mas nahuhuli.

MAY KARAPATAN KA SA PAGLIBAN DAHIL SA KALIGTASAN, na maaari monggamitin para humingi ng tulong o gumawa ng ibang mga hakbang para maging ligtas kung ikaw o ang isang miyembro ng pamilya ay maaaring biktima ng anumang gawain o banta ng karahasan sa tahanan o hindi ninanais na seksuwal na interaksyon, pag-stalk, o pagbebenta ng tao.

MAY KARAPATAN KA SA PAGLIBAN DAHIL SA SAKIT, na maaari mong gamitin para sa pangangalaga at pagpapagamot mo o ng miyembro ng pamilya.

MGA DOMESTIC WORKER NA SINASAKLAW/HINDI SINASAKLAW NG BATAS:

Sinasaklaw	Hindi Sinasaklaw
Ikaw ay isang manggagawa sa tahanan na sinasaklaw ng batas kung direkta kang kinuha sa trabaho ng sambahayan o pamilya at ikaw ay: <ul style="list-style-type: none"> Nag-aalaga ng mga bata Nagbibigay ng pangangalaga para sa matanda, maysakit, may kapansanan, o taong nagpapagaling Gumagawa ng mga serbisyong may kaugnayan sa pagpapanatili ng bahay tulad ng pagluluto at paglilinis 	Ikaw ay <i>hindi</i> itinuturing na "domestic worker" sa ilalim ng batas at, sa gayon, ay hindi sinasaklaw kung ginagawa mo ang mga tungkuling inilalarawan sa unang hanay para sa isang sambahayan sa pamamagitan ng ahensiyang employer. <p>Ang mga manggagawang nakakuha ng trabaho sa pamamagitan ng ahensiya ay maaaring makatanggap ng 40 oras ng bayad na pagliban dahil sa kaligtasan at sakit bilang empleyado sa ilalim ng batas. Pumunta sa nyc.gov/PaidSickLeave upang matuto pa tungkol sa aling mga empleyado ang sinasaklaw sa ilalim ng batas. Maaari kang ituring bilang "domestic worker" ayon sa mga batas ng Estado ng New York at magkaroon ng mga karagdagang proteksiyon.</p>

BILANG NG PAGLIBAN DAHIL SA KALIGTASAN AT SAKIT:

- Pagkatapos ng isang taon ng pagtatrabaho, dapat magbigay ang iyong employer ng dalawang araw na bayad na pagliban dahil sa kaligtasan at sakit kada taon. Ang pagliban sa lungsod ay dagdag sa tatlong araw ng bayad na pagpapahinga na maaaring may karapatan ka sa ilalim ng Batas ng Estado ng New York. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa batas ng Estado, pumunta sa labor.ny.gov at hanapin ang "Domestic Workers' Bill of Rights" (Batas ng Karapatan para mga Domestic Worker).

PETSA KUNG KAILAN MAAARING GAMITIN ANG PAGLIBAN DAHIL SA KALIGTASAN AT SAKIT:

- Maaari mong simulang gamitin ang pagliban dahil sa sakit sa Abril 1, 2015 o isang taon pagkatapos mo magsimulang magtrabaho, alinman ang mas nahuhuli.
- Maaari mong simulang gamitin ang pagliban dahil sa kaligtasan sa May 5, 2018 o isang taon pagkatapos mo magsimulang magtrabaho, alinman ang mas nahuhuli.

MGA KATANGGAP-TANGGAP NA DAHILAN NG PAGGAMIT NG PAGLIBAN DAHIL SA KALIGTASAN AT SAKIT:

Maaari mong gamitin ang pagliban dahil sa kaligtasan at sakit para hindi pumasok sa trabaho kapag:

- Mayroon kang karamdaman sa pag-iisip o katawan, pinsala, o kondisyon ng kalusugan; kailangan mong magpasuri ng karamdaman, kumuha ng pangangalaga, o paggamot ng inyong karamdaman sa pag-iisip o katawan, pinsala, o kondisyon; kailangan mong kumuha ng medikal na pangangalagang pang-iwas sa sakit.
- Kailangan mong alagaan ang isang miyembro ng pamilya na nangangailangan ng pagsusuri ng karamdaman, pangangalaga, o paggamot ng karamdaman sa pag-iisip o katawan, pinsala, o kondisyon ng kalusugan, o nangangailangan ng medikal na pangangalagang pang-iwas sa sakit.
- Magsasara ang negosyo ng iyong employer dahil sa isang emergency may kinalaman sa kalusugan ng publiko o kailangan mong alagaan ang isang bata na nagsara ang paaralan o tagapagbigay ng pangangalagang pambata dahil sa emergency may kinalaman sa kalusugan ng publiko.
- Maaaring ikaw o ang miyembro ng pamilya ay biktima ng alinmang gawain o banta ng karahasan sa tahanan o hindi ninanais na seksuwal na interaksyon, pag-stalk, o pagbebenta ng tao at kailangan mong gumawa ng mga aksiyong kinakailangan para ibalik ang pisikal na kalusugan, kalusugan ng pag-iisip, o pang-ekonomikong kalagayan o kaligtasan mo o ng mga miyembro ng iyong pamilya o upang protektahan ang mga taong may kaugnayan o kasama mo sa trabaho. Kabilang ang para:
 - Kumuha ng mga serbisyo mula sa tahanan para sa biktima ng karahasan sa tahanan, sentro para sa kagipitan dahil sa panggagahasa, o iba pang programa ng mga serbisyo.

- Sumali sa pagpapalano ng kaligtasan, lumipat, o gumawa ng ibang mga aksiyon para protektahan ang kaligtasan mo o ng mga miyembro ng iyong pamilya, kasama ang pagpapalista ng mga bata sa bagong paaralan.
- Makipagkita sa isang abogado o tagapagbigay ng serbisyong panlipunan upang kumuha ng impormasyon at payo kaugnay sa kustodiya; pagbisita; mga isyu sa kasal; mga utos ng proteksiyon; imigrasyon; pabahay; pandidiskrima sa trabaho, pabahay, o kredito ng mamimili.
- Maghain ng ulat ng insidente sa tahanan sa tagapagpatupad ng batas o bumisita sa opisina ng abogado ng distrito.

MGA MIYEMBRO NG PAMILYA:

Kinikilala ng batas ang mga sumusunod bilang "mga miyembro ng pamilya:"

- Sinumang indibidwal na may malapit na kaugnayan sa empleyado ay katumbas ng pamilya
- Anak (biyolohikal, inampon, o inaalagaang bata; legal na ward; anak ng empleyadong tumatayo sa *lugar ng magulang (in loco parentis)*)
- Apo
- Asawa
- Kinakasama
- Magulang
- Lolo/lola
- Anak o Magulang ng asawa o kinakasama ng empleyado
- Kapatid (kabilang ang kapatid sa ama o ina, inampon, o kinakapatid)
- Sinumang iba pang indibidwal na kadugo ng empleyado

PAUNANG ABISO:

Kung nakikinita ang pangangailangan, maaaring manghingi iyong employer ng hanggang pitong araw na paunang abiso kung binabalak mong gumamit ng pagliban dahil sa kaligtasan at sakit. Kung hindi nakikinita ang pangangailangan, maaaring hingin ng iyong employer na magbigay-abiso ka sa pinakamaagang oras na makakaya.

DOKUMENTASYON:

Maaaring hingin ng iyong employer ang dokumentasyon kung gumamit ka ng mahigit sa tatlong magkakasunod na araw ng trabaho bilang pagliban dahil sa kaligtasan at sakit. Ipinagbabawal ng Batas sa Bayad na Pagliban Dahil sa Kaligtasan at Sakit sa mga employer na hingin sa tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na tukuyin ang medikal na dahilan para sa pagliban dahil sa sakit o hingin ang dokumentasyon ng pagliban dahil sa kaligtasan para tukuyin ang mga detalye ng anumang aksiyon o banta ng karahasan sa tahanan o hindi ninanais na seksuwal na interaksyon, pag-stalk, o pagbebenta ng tao. Ang pagbubunyag ay maaaring hingin ng mga iba pang batas.

MAY KARAPATAN KAYONG MAGING MALAYA MULA SA PAGHIHIGANTI NG INYONG EMPLOYER PARA SA PAGGAMIT NG PAGLIBAN DAHIL SA KALIGTASAN AT SAKIT.

Hindi maaaring maghiganti sa inyo ang iyong employer para sa:

- Paghingi at paggamit ng pagliban dahil sa kaligtasan at sakit.
- Paghahain sa DCA ng reklamo para sa mga ipinaparatang na paglabag ng batas.
- Pakikipag-usap sa sinumang tao, kabilang ang mga katrabaho, tungkol sa anumang paglabag ng batas.
- Pakikibahagi sa proseso ng korte tungkol sa ipinaparatang na paglabag sa batas.
- Pagsasabi sa ibang tao tungkol sa mga posibleng karapatan ng taong iyon.

Kabilang sa paghihiganti ang anumang banta, pagdidisiplina, pagpapaalis, pagpapababa ng puwesto sa trabaho, pagsususpende, o pagbabawas ng iyong oras, o anumang malubhang aksiyon sa trabaho laban sa iyo dahil sa paggamit o pagtatangkang gamitin ang anumang karapatang ginagarantiya sa ilalim ng batas.

MAY KARAPATAN KAYONG MAGHAIN NG REKLAMO.

Maaari kang maghain ng reklamo sa DCA. Upang kumuha ng form ng reklamo, pumunta sa nyc.gov/PaidSickLeave o tumawag sa 311 (212-NEW-YORK sa labas ng Lungsod ng New York).

Magsasagawa ang DCA ng imbestigasyon at susubukang tumulong sa paglutas ng iyong reklamo. Pananatilihin ng DCA na kumpidensiyal ang iyong pagkakakilanlan maliban kung kailangan ang pagbubunyag upang isagawa ang imbestigasyon, tumulong sa paglutas ng reklamo, o hinihingi ng batas.

Magtago ng kopya ng abisong ito at lahat ng dokumentong nagpapakita ng bilang ng pagkaipon at paggamit ng iyong pagliban dahil sa kaligtasan at sakit.

Tandaan: Tinatakda ng Earned Safe and Sick Time Act ang mga pinakamababang pamantayan para sa pagliban dahil sa kaligtasan at sakit. Ang mga patakaran ng iyong employer sa pagliban ay maaaring nakatutugon o lumalampas na sa mga hinihingi ng batas.

May karapatan kang mabigyan ng abisong ito sa Ingles at, kung nasa website ng DCA, sa iyong pangunahing wika.

Para sa iba pang impormasyon, kabilang ang Mga Madalas na Tinatanong, pumunta sa nyc.gov/PaidSickLeave o tumawag sa **311** at humingi ng impormasyon tungkol sa Bayad na Pagliban Dahil sa Kaligtasan at Sakit.